Mapalakas ang Pamumuno sa Buong Sistema

Pananaw

Ang pagkakaroon ng magagaling na pinuno sa bawat antas ay buod ng tagumpay ng distrito. Mula sa paaralan hanggang sa punong-tanggapan hanggang sa lupon ng tagapamahala, ang paaralang distrito ay umaasa sa magagaling na pinuno na pamunuan ang mga pangkat at mangasiwa patungo sa mga layunin.

Ang mga pinuno ay makikita sa kabuuan ng ating sistema ngunit dapat nating ipagpatuloy ang pagsuporta sa nasabing mga pinuno at magpaunlad ng mga bago. Dapat nating pagalingin ang mga sistema at mga tulong na magpapahintulot sa atin na makakuha ng magagaling na kawani at bigyan sila ng mga pagkakataon na propesyonal na pag-unlad na kailangan na maging matagumpay sa kanilang gawain. Ang pagpapaunlad sa mga sistema at mga tulong ay pangunahing gagawin ng distrito sa mga susunod na taon .

Pangunahing Bahagi

May ilang bahagi ang aming ipopokus sa taong ito.

Baguhin ang Proseso ng Pagkuha ng Kawani – Ang Seattle Public Schools ay huli sa pagkuha ng magtatrabaho kaysa sa kalapit na mga paaralang distrito, at ang ating proseso ay masalimuot. Ang resulta ay ang ilang magagaling na guro at ibang aplikante ay piniling pumunta sa ibang distrito na makapagbibigay sa kanila ng kontrata ng mas maaga. Para masiguro na magkaroon ng magaling na pangkat ng aplikante, tayo ay gagawa ng proseso ng pagkuha ng nasa oras at mahusay. Hinahangad namin na makagawa ng proseso sa susunod na anim na buwan kasama ng mga guro, mga punong-guro at iba pa.

Maglagay ng Panuntunan at Magbigay ng Tulong – Ang magagaling na paaralang distrito ay naglalagay ng maliwang na panuntunan para sa lahat ng kawani at nagbibigay ng mga tulong na kinakailangan ng bawat empleyado para makamit o mahigtan ang mga panuntunan. Ang paglalagay ng target na tulong ay nagbibigay sa mga manggagawa na mapalakas ang kanilang kakayahan at nagbibigay sa distrito ng impormasyon na kailangan para mapanatili at kilalanin ang kawani. Sa susunod na anim na buwan kami, kasama ang ating guro at katulong ng punong-guro, ay pag-aaralan ang pagbibigay ng propesyonal development ng masiguro na ito ay nakatuon sa pangangailangan ng kawani at nakalinya sa pangunahing estratehiya (partikular na ang Matematika at Agham).

Gumawa at Magpatupad na Epektibong Taunang Pagtataya –Karamihan sa ating empleyado ay tumatanggap ng taunang pagtataya, na magaling ang kalidad, kinabibilangan ng layunin ng gawain, madalas na tingnan at pagkilala ng kailangan na suporta para maging matagumpay. Kailangan nating siguraduhin na ang lahat ng empleyado ay may pagkakataon na patuloy na mabago ang kanilang gawain at kakayahan. Sa susunod na taon makikipagtulungan kami sa ating guro, punong-guro at katulong na kawani na makagawa ng pagtataya na nakadisenyo sa pagtulong sa lahat ng ating empleyado sa bawat antas ng distrito.

Mga tanong para sa Pamayanan

- Ano pa ang gusto mong malaman?
- Ano ang hindi malinaw?
- Ano ang aming pagkukulang?
- Paano namin kayo pasasabihan tungkol sa o makakasali sa gawain?